

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ipagdiwang ang Earth Month sa Brampton!

Magpa-register para sa Paglilinis sa Parke, sa unang Pangkapaligirang Pagdiriwang ng Earth Day at pagtanim ng punong-kahoy.

BRAMPTON, ON (Abril 1, 2022) – Bilang isang Green City, nagpapatuloy ang Brampton sa paggawa ng mga hakbang sa mga pagsisikap sa pagiging sustainable at pagpapababa sa epekto nito sa kapaligiran. Sa Abril na ito, ipagdiwang ang Earth Month sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga pangkaligirang inisyatiba ng komunidad ng Lungsod.

Paglilinis sa mga Parke – Abril 1

Nagpapatuloy ang Paglilinis ng Parke ng Brampton para sa 2022. Maaaring mag-volunteer ang mga residente para mamuno sa paglilinis sa isang parke na pipiliin nila mula Abril 1 hanggang Nobyembre 1. Magho-host din ang Lungsod ng organisadong mga kaganapan ng paglilinis sa Mayo, na nagtatampok ng bawat pairing ng ward at isang libreng barbekyu sa komunidad. Alamin ang mas marami pa at i-register ang inyong paglilinis para sa libreng mga suplay sa www.brampton.ca/cleanup.

Pangkapaligirang Pagdiriwang at Seremonya ng Grow Green Awards – Abril 23

Sumali sa unang Pangkapaligirang Pagdiriwang ng Lungsod ng Brampton at sa [Grow Green Awards!](#) Sa Sabado, Abril 23 mula 10 am hanggang 2 pm sa Norton Place Park, maho-host ang Lungsod ng mga gawaing nakakabuti sa pamilya at magpipresenta ng bagong Grow Green Awards sa mga lider ng kapaligiran sa komunidad. Para sa mga detalye at para mag-register sa event, mag-click [dito](#).

Pagtanim ng Punong-kahoy – Abril 24

Sa pakikipagtulungan sa Toronto Region Conservation Authority (TRCA), magho-host ang Lungsod ng event ng libreng pagtanim ng punong-kahoy sa Linggo, Abril 24 mula 10 am hanggang 12 pm sa Gore Meadows Community Centre. Kinakailangan ang pagpapa-register. Para sa mga detalye at para magpa-register, bisitahin ang www.brampton.ca/parks.

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Green City at isang lider sa pagiging sustainable at sa mga pagsisikap sa climate change. Maging bahagi ng pagbabago – sumama sa paglilinis sa mga parke, magtanim ng punong-kahoy at dumalo sa ating unang Pangkapaligirang Pagdiriwang ng Earth Day at Seremonya ng Grow Green Awards sa buwan na ito.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga pangkapaligirang inisyatiba ng Brampton ay nakakaambag sa pagbabawas sa carbon footprint at sumusuporta sa ating paglalakbay para mabawasan nang 80 porsyento ang mga emission ng greenhouse gas na nalikha sa ating lungsod bago lumipas ang 2050. Hinihikayat ko ang lahat na panatilihin malinis at luntian ang ating lungsod sa pamamagitan ng pagsali sa mga inisyatiba sa buwan na ito at sa buong taon.”

- *Paul Vicente, Chair, Public Works and Engineering; Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton*

“Tayo ay nasa misyon ng mas luntiang lungsod, gaya ng binalangkas sa Community Energy and Emissions Reduction Plan (CEERP) at sa Term of Council Priorities. Sa buwan na ito, hinahamon ko ang mga residente na gumawa ng isang bagay para sa kapaligiran. Maaaring tumulong ang mga residente sa paglilinis sa ating mga parke, magtanim ng punong-kahoy, dumalo sa pagdiriwang ng Earth Day, o kumpletuhin ang ibang mga inisyatibang luntian na pipiliin nila.”

- *Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod Wards 2 at 6; Miyembro, Environment Advisory Committee; Miyembro, CEERP Community Task Force, Lungsod ng Brampton*

“Dedicated ang Lungsod ng Brampton na matutugunan ang mga layunin nito sa climate change, mas pinapahusay ang pagiging sustenable at dinagdagan ang mga pamantayang pangkapaligiran sa ating komunidad. Sumali sa mga pangkapaligirang inisyatiba nitong Abril, at bisitahin ang Brampton.ca para malaman ang mas marami pa.”

- *Paul Morrison, Interim CAO, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](https://twitter.com/Brampton), [Facebook](https://facebook.com/Brampton), at [Instagram](https://instagram.com/Brampton). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca